# *'A.NI.MAL*

*Dulang Ganap ang Haba*

*Filipino Division*

*Carlos Palanca Awards 2025*

## SINOPSIS

Sa **'a.ni.mal**, isang eskandalo ang yayanig sa pamilya Peralta nang umuwi si Lily, anak ng mayor, na may dalang video kung saan malinaw na inaabuso ng governor ng probinsya nila ang alaga nitong aso.

Desidido si Lily na iligtas ang hayop at handang ipakalat ang video kung hindi ito ibibigay sa kanya. Si Ofel, ang asawa ng mayor, gustong ipaalam ang insidente sa asawa ng governor, sa paniniwalang mas lalo silang magiging "close" 'pag siya ang nagbalita nito sa kaibigan niya. Samantala, si Mayor Dan ay desperadong ilihim ang iskandalo, dahil sa takot na masira ang pangalan at kampanya ng kanyang running mate sa darating na halalan. Sa gitna ng magkakaibang paninindigan, magkakagulo ang pamilya Peralta.

## MGA TAUHAN

LILY - Early-Mid 20s. Anak ng mayor. Magiging dahilan ng malaking gulo matapos niyang makuha ang kontrobersyal na video ng governor.

DAN - Early 50s. Tatay ni Lily at kasalukuyang mayor. Pulitiko hanggang buto, uunahin ang pagprotekta sa sarili niyang pangalan kaysa sa moralidad.

OFEL - Early 50s. Asawa ni Dan at ina ni Lily. Mapipilitan siyang pumili kung susuportahan ang asawa, ang anak, o magiging tapat na kaibigan.

PAUL - Early-Mid 50s. Ang governor na nasa video. Tama ang pulitika at prinsipyo, pero hindi tama ang ugali.

GRACE - Mid-40s. Asawa ng governor. Isang doktor na malinaw ang prinsipyo.

JOHN - Early-Mid 30s. Isang veterinarian at owner ng isang animal shelter kung saan volunteer si Lily.

**TAGPO**

Ang dula ay magaganap sa kasalukuyan, sa mga sala ng mga bahay ng political families, at sa isang pantry ng isang dog shelter.

**PAUNAWA NG MANDUDULA**

*Ang ‘a.ni.mal’ ay dula na sinulat sa Taglish, bilang "stylistic choice." Gusto kong ipakita kung paano ginagamit ng mga tao ang Ingles para i-assert ang "social class," o para bigyan ng ilusyon ng "objectivity" ang isang opinyon.*

*Ginagamit din ang lengwahe ng mga karakter para magpakita ng motibo: kapag gustong magtunog “elite” o "scientific," Ingles ang gamit, pero pag totoong galit o nasasaktan na, babalik sila sa Filipino.*

*Maaaring sabihing "controversial" ang "main incident" ng dula. Gusto ko lang ipaalala na hindi ito ginawa para sa "shock value" lang. Ginamit ito bilang metapora para sa mas malalim na isyu: ang kultura ng abuso, katahimikan, at kompromiso na nagiging dahilan kung bakit walang napaparusahan.*

*Sana huwag i-dismiss agad ang dula dahil sa paglalarawan nito ng ilang maseselang sitwasyon na kabilang ang aso. Ang layunin ng dula ay mag-udyok ng mas malalim na pagninilay tungkol sa kapangyarihan, pananagutan, at katarungan.*

## ACT I. "I'VE ALWAYS WANTED A DOG"

*Umaga. Isang maayos na sala. May malaking sofa na kulay beige o light brown, na may kasamang dalawang matching armchairs at isang center table na gawa sa salamin.*

*Sa upstage, may wooden panel na nagsisilbing dingding, kung saan nakasabit ang ilang mga litrato ng pamilya. Makikita rin ang ilang indoor plants, figurine collections, o mga souvenir mula sa mga biyahe. Maaliwalas ang lugar. Halatang iniingatan ng pamilya ang kanilang tahanan at imahe.*

*Unang bubukas ang ilaw mula sa isang cellphone. Sa pagbubukas nito, makikita nating nakaupo si DAN sa gitna ng malaking sofa. Nakaupo ang asawa niyang si OFEL sa tabi niya, sa kanan. Nakaupo naman ang anak nilang si LILY sa kaliwa, hawak ang isang cellphone. Nakatutok ang mga mata ng pamilya sa cellphone ni LILY. Tanging ang mahinang liwanag mula sa screen nito ang nag-iilaw sa kanilang mga mukha.*

*Dahan-dahang lalakas ang tunog ng ungol at bungisngis ng lalaki mula sa video, kasabay ng dahan-dahang pagbubukas ng ilaw.*

*Mapapangiwi si OFEL.*

**OFEL**

Ay! Diyos ko!

*Mapapailing si DAN sa inis. Papatayin niya ang cellphone ni LILY. Tatayo si DAN at pupunta sa tabi ng armchair sa Stage Right. Hihinga siya nang malalim.*

**DAN**

Hindi 'yan totoo. AI lang siguro 'yan. Baka pinagawa ng mga kandidato na nasa laylayan ng senatorial surveys.

**LILY**

Hindi 'to AI, Dad.

**DAN**

Fake news 'yan, Lily.

*Tatayo si OFEL at iiling. Pupunta siya sa tabi ng armchair sa Stage Left at tatalikuran si LILY. Halos ayaw tignan ni OFEL si LILY. Maiiwan mag-isa sa mahabang sofa si LILY.*

**OFEL**

Saan mo ba naman kasi nakuha 'yan, Lily?

**LILY**

Bakit parang sinisisi n'yo 'ko?

**DAN**

Hindi ka sinisisi. Tinatanong ka lang kung saan mo nakuha 'yan.

**LILY**

Pinapakain ni Ninong Paul 'yong aso, tapos inisip ko, "Ang cute."

**OFEL**

Hindi "cute" 'yong napanood ko, Lily.

**LILY**

Obviously, Mom! Ano ba?

*Pailing-iling si OFEL habang umuupo sa armchair sa Stage Left.*

**DAN**

Ano ba kasi ginagawa mo doon?

**LILY**

Dad, ikaw ang nagsabing pumunta 'ko doon! Sabi mo tanungin ko si Ninong Paul kung gusto niyang i-co-sponsor 'yong veterinary medical mission natin! 'Yong para sa spaying at neutering ng mga aso't pusa, Dad.

**DAN**

Bakit tayo may medical mission? Wala naman sa plataporma ko 'yon!

**LILY**

Advocacy ko 'yon, Dad. Tapos 'yong medical mission, birthday gift mo sa'kin, 'di ba?

**DAN**

Lily, 'yong mga anak ng kaibigan ko, bag lang hinihingi 'pag birthday. Tapos ikaw, "medical mission" pa gusto mo? Next time, magpabili ka na lang ng bag, ha?

**LILY**

Bakit ko kasalanan 'to, Dad? Ikaw 'yong may idea na isali si Ninong Paul, para 'di niya isipin na sinasapawan mo siya!

*Uupo si DAN sa armchair sa Stage Right para ituloy ang interrogation kay LILY.*

**DAN**

Pero bakit umabot doon? Bakit may video ka niyan?

**LILY**

Pumunta ako sa office ni Ninong Paul kagabi. Tapos ayaw akong papasukin ng secretary niya kasi tapos na raw ang office hours, at wala daw sa schedule niya 'yong meeting namin. Sinabi ko na kailangan ko lang naman ng approval niya; kung gusto niyang ilagay 'yong pangalan niya sa marketing collaterals ng medical mission natin. Pero, Dad, ayaw akong papasukin no'ng secretary.

*(saglit)*

Tapos, tumawag si Tita Grace. May pinahahanap siyang folder, or something, sa secretary. So, umalis 'yong secretary. Dahan-dahan akong pumasok sa opisina ni Ninong Paul to talk to him.

**DAN**

Tapos, ano nangyari?

**LILY**

Nakita ko si Ninong Paul na umiinom. Next to him, may platito siya ng apple slices, tapos sinasawsaw niya sa jar ng peanut butter.

*(MORE)*

**LILY (CONT'D)**

*(saglit)*

Tapos, lumapit 'yong aso, si Bella; nanghihingi. Pero wala nang apple slices. Ubos na. So, naglagay si Ninong Paul ng peanut butter sa kamay niya, tapos pinapadila niya kay Bella. Akala ko, "Ang cute," kaya I started recording.

*(saglit)*

Tapos, yumuko siya. Hindi ko makita 'yong nangyayari kasi nakaharang 'yong likod ng couch. Kaya lumapit ako. Tapos nakita ko, nakalabas 'yong "ano" niya, tapos may peanut butter, tapos tinatawag niya si Bella. Umalis ako agad.

*Matagal na katahimikan.*

**DAN**

Bakit mo naman kasi vine-video 'yong ninong mo nang gano'n? Napaka-intrusive naman no'ng ginawa mo, Lily!

**LILY**

Dad, bakit ako sinisisi mo?

**OFEL**

Alam n'yo, tumigil na kayo.

*Matatahimik sina DAN at LILY.*

**OFEL**

Ang daming hindi "normal" dito. Hindi naman dapat pinag-uusapan ng family natin - o nang kahit sinong pamilya - 'yong ginagawa ni Paul sa aso niya. Not every piece of information in life has to be known, okay?

*(saglit)*

Okay naman tayo e. Ako, personally, I could have lived and died without having to see what you showed me, Lily; sa totoo lang. Hindi kailangan.

**DAN**

Makinig ka sa Mommy mo, Lily. Hindi naman dapat tayo makialam dito.

**LILY**

Anong "hindi makialam?" Kawawa naman 'yong aso! Hindi n'yo ba nakita 'yong ginawa niya? Ninong Paul forced Bella to lick him!

*Mahabang katahimikan.*

**DAN**

*(tatabi kay LILY sa malaking sofa;*

*magpapaliwanag)*

Lily, hindi ko alam kung dapat ba nating gamitin ang salitang "force," ha? Hindi natin alam ang buong kwento. Medyo OA na tawagin 'yong "force." Hindi pa nga natin alam talaga kung ano nangyari e.

**LILY**

Dad, are you implying na gusto gawin 'yon ni Bella?

**DAN**

Hindi, hindi. Wala akong ini-"imply"; 'yon ang point ko. Wala pa tayong sapat na nalalaman tungkol sa insidente. It's something "unknowable."

**LILY**

Bakit siya "unknowable," Dad?

**DAN**

Kasi nga aso si Bella. Hindi niya kayang ipaliwanag kung bakit ginawa niya 'yon kay Paul.

**LILY**

Hindi "unknowable" 'yon! Ginamit ni Ninong Paul 'yong peanut butter para i-encourage si Bella na dilaan 'yong privates niya.

**DAN**

Pwede kasing aksidente. Baka nabitawan ni Paul 'yong peanut butter, tumapon sa kanya, tapos dinilaan ng aso. For all we know, baka nga siya pa 'yong biktima dito. Kilala ko kasi si Paul, Lily! Hindi niya gagawin 'yan!

**LILY**

Gusto n'yo i-play ko ulit 'yong video?

**OFEL**

Kayo na lang manood. Okay na ko.

**LILY**

Ikaw, Mom, ano sa tingin mo nangyari?

**OFEL**

Hindi ko alam kung ano nangyayari. Wala akong alam. Ano naman alam ko sa aso, o kay Paul, o sa peanut butter? Allergic nga ako sa mani e!

**LILY**

Ewan ko sa inyo!

*Exit, LILY.*

**DAN**

Lily!

*Hihinga nang malalim si DAN. Tatabihan ni OFEL si DAN sa malaking sofa para himasin ang likod niya; para i-comfort siya.*

**OFEL**

Dan.

**DAN**

Hmm?

**OFEL**

*(magbababago ang isip)*

Wala pala. May naalala lang ako. Hindi naman importante.

**DAN**

Ano 'yon?

**OFEL**

Hindi naman natin kailangan pag-usapan ngayon… Or ever, really. It's just a thought I had just now, and it's not based on any opinion or suspicion I have. It's just something I remembered randomly.

**DAN**

Ano nga 'yon?

**OFEL**

Bakit "Bella" ang ipinangalan ni Paul sa dog niya?

**DAN**

Hindi ko alam. Bakit?

**OFEL**

"Bella" is Italian for beautiful. Hindi ba weird na tinatawag niyang "beautiful" 'yong aso niya? Unless, of course, he finds dogs beautiful.

**DAN**

Kayo ni Lily, pinapalaki niyo. Hindi naman dapat issue 'to. Marami kaming iniisip ngayon.

*(MORE)*

**DAN (CONT'D)**

May political feud ang dalawa sa pinaka-powerful families sa pulitika ng Pilipinas at hindi pa namin alam kung kanino papanig. Baka lasing siya o stressed - at kung gano'n - mas malaki ang "possibility" na magkaroon siya ng aksidente.

**OFEL**

If you were drunk or stressed-out, would you accidentally force a dog to perform oral sex on you?

**DAN**

Ang point ko, it's none of our business how Paul deals with stress.

**OFEL**

I spoke to his wife recently. Ang sabi ni Grace, Paul daw has been "distant" lately.

**DAN**

Baka ang ibig sabihin niya e Paul has been busy. He still has projects as governor and he's running for a senatorial seat. Marami siyang ginagawa.

**OFEL**

Kilala ko si Grace. When she says "distant," she doesn't mean "busy." Parang ako 'yon; precise ang vocabulary niya. Tapos, no'ng kausap ko siya, the last time we had dinner, parang may something talaga. She said "distant" as if it was a euphemism for something more serious. Parang may sense of foreboding. Parang she's implying na Paul is having an affair.

**DAN**

Affair? Sa aso? Naririnig mo ba ang sarili mo, Ofel?

**OFEL**

So, para sa'yo hindi 'yon cheating?

**DAN**

Paano naging "cheating" 'yon?

**OFEL**

So kung may ginawa kang kagaguhan with a dog, hindi 'yon "counted" na "cheating" para sa'yo?

**DAN**

Doing something with a dog is not cheating on your wife.

**OFEL**

Ewan ko, ha? If you did something with a dog, I'll definitely feel like you cheated on me.

**DAN**

Ofel, hindi natin dapat problema 'to, kasi neither of us are going to have an affair with a dog.

*Enter, LILY.*

**DAN**

Lily!

**LILY**

Dad.

**DAN**

Umupo ka muna dito. Mag-usap tayo.

**LILY**

Dad, may lakad ako.

**DAN**

Sandali lang. Dito ka muna.

*Uupo si LILY sa armchair sa Stage Right.*

**OFEL**

*(uunahan si DAN sa pagtatanong)*

Lily, may boyfriend ka ba ngayon?

*Mapapalingon si DAN kay OFEL; magtataka.*

**LILY**

I mean… There's this guy I like sa work-

*(magbabago ang isip)*

Pero, it's none of your business. Bakit mo ba tinatanong?

**OFEL**

If you had a boyfriend, and he had intimate contact with a dog, would you consider it cheating?

**LILY**

Mom, ano ba? Kadiri!

**OFEL**

You'd be offended, 'di ba? You'd be hurt! Kasi having sex with a dog is still cheating on your partner. 'Yon lang naman ang point ko.

**DAN**

Hindi nakipag-sex sa aso si Paul!

**OFEL**

Hindi naman si Paul ang pinag-uusapan natin. It's just a theoretical question. Ba't ang defensive mo?

**DAN**

Kahit si Lily ang nagsabi na may nilagay lang siya sa ano niya! Hindi 'yon sex!

**OFEL**

Gusto ko lang mag-agree ka na "cheating" ang ginagawa ni Paul. "Cheater" siya at ang mga "cheater" hindi dapat binoboto.

**DAN**

Hindi 'yon "cheating!" At worst, it's masturbation.

**LILY**

Hindi 'yon "masturbation," Dad. It's rape.

**DAN**

Rape?

**LILY**

Si Bella hindi kayang mag-consent, kasi aso siya. So, any sexual interaction between Ninong Paul and Bella is rape. Rapist si Ninong Paul!

**DAN**

Property ni Paul 'yong aso. What people do with their property, in their homes, is none of our business! Wala na tayong pakialam doon! Ang mali lang naman dito e ikaw!

**LILY**

Ako pa ang mali?

**DAN**

You invaded his privacy! Kumuha ka ng private video nang walang consent! Kung consent ang basehan ng rape, rapist ka rin: privacy rapist ka!

**OFEL**

Dan, are you seriously defending a cheater and a rapist? Alam natin na you belong to the same political party, pero there should be a line-

**DAN**

*(sasabat)*

Wala akong dine-defend! Pinapaliwanag ko lang sa inyo na hindi dapat ito ang basehan ng matinong tao. May mga totoong tao na nang-rape ng bata. May mga organization pa nga na nagbayad para ipagtanggol ang mga taong nagre-rape ng bata. Subukan n'yo i-Google ang "Catholic Church sexual abuse cases." May sarili ngang page sa Wikipedia 'yon e! Ba't hindi sila ang awayin mo?

**LILY**

Dad, ang sinasabi ko, elected leader si Ninong Paul! He should be held to a higher standard. Kung hindi niya mapigil ang sarili niya from abusing a helpless animal, paano tayo makakasigurado na kaya niyang mapigil ang sarili niya from being corrupt?

**DAN**

Hindi nga 'yan ang dapat batayan ng matinong kandidato; 'yon ang sinasabi ko.

*(MORE)*

**DAN (CONT'D)**

May mga pulitiko na nagre-rape talaga at pumapatay ng tao. May mga nananakot, nanunuhol, at nandadaya sa eleksyon. Bakit hindi sila ang awayin mo, Lily?

**LILY**

Pwede ko silang awayin nang sabay-

**DAN**

Kasi ang dami mong time! Magtrabaho ka kaya?

*Saglit.*

**LILY**

Dad, you know what? I really hope you find time to reflect on your behavior and realize that you've become a rape apologist.

**DAN**

Lily, isang aso lang 'yon! Ang dami nang nagawa ni Paul para sa probinsya natin. 'Di ba siya 'yong nag-advocate para sa strict enforcement ng anti-pet meat trade? Kaya nga pinapunta kita doon e; para 'wag isipin ni Paul na inaagawan ko siya ng adbokasiya.

**LILY**

Kahit ano pa sabihin mo, Dad, we can't forget the fact that he raped a dog.

**DAN**

Alam mo, Lily, kahit makipag-sex si Paul sa lahat ng aso sa dog shelter kung saan ka nagvo-volunteer, mas maayos pa rin siyang tao kesa sa karamihan ng pulitiko sa Pilipinas! Mabuting tao si Paul!

**LILY**

Walang mabuting tao na nangre-rape ng aso!

**DAN**

*(pasigaw)*

Walang nang-rape ng aso!

**LILY**

The mental abilities of a dog is that of a three-year-old child! Anong tawag mo sa taong nakikipag-sex sa three-year-old?

**DAN**

Hindi pareho ang aso at ang three-year-old.

**LILY**

Pero 'yong mga alibi na ginagamit mo to defend what Ninong Paul did, are the same alibis child molesters use to justify their crimes!

**DAN**

Magkaiba ang hayop at ang tao. May mga bagay na pwede mong gawin sa hayop, pero hindi mo pwedeng gawin sa tao. Pwedeng magbenta ng hayop, hindi ka pwedeng magbenta ng tao. Pwedeng kumain ng hayop, hindi ka pwedeng kumain ng tao.

*(saglit)*

'Yong mga magbababoy na pumapatay at nagbebenta ng karne ng mga alaga nila, wala kayong reklamo. Tapos, si Paul na nananahimik sa bahay, na walang pinatay na hayop, gusto n'yong maparusahan?

*Matatahimik sina OFEL at LILY. Mahabang katahimikan, mababasag ng mahinang boses ni OFEL.*

**OFEL**

Wala akong paki' kung matino siyang governor. Hindi ako boboto sa cheater. Kung kaya niyang lokohin ang asawa niya, sigurado akong kaya niya ring lokohin ang taumbayan.

**DAN**

Hindi ka naman talaga bumoboto, Ofel. Hindi ka nga registered voter e!

**OFEL**

Well, if ever mag-decide ako bumoto, iboboto ko 'yong kalaban niya.

**DAN**

Ang dapat ginagawa n'yong dalawa - sa totoo lang - e tinutulungan kami na alagaan ang reputasyon ng partido. Tayo naman ang nakikinabang sa suporta ng constituents niya, 'di ba? Kayo ang nakikinabang. Kaya kailangan mong burahin ang video, Lily.

**LILY**

Buburahin ko 'yong video, 'pag binigay niya sa 'tin si Bella.

**DAN**

Ewan ko sa'yo, Lily.

**LILY**

Seryoso ako, Dad. Sabihin mo kay Ninong Paul na ibigay sa 'tin si Bella, o ikakalat ko 'tong video.

*Tatayo si LILY. Tatayo si DAN.*

**DAN**

Umupo ka muna!

**LILY**

Dad, male-late ako!

**DAN**

Umupo ka muna! Pag-isipan natin 'to nang maayos!

**LILY**

Dad! I have to go-

**DAN**

*(sasabat)*

Ba't ba nagmamadali ka? Saan ka ba pupunta?

**LILY**

Pupunta kasi ako sa dog shelter.

**DAN**

Na naman? Ano ba ginagawa mo doon na napaka-importante?

**LILY**

Iba-iba.

**DAN**

Tulad ng?

**LILY**

Kahapon tumulong ako mag-collect ng data kung ilang dogs pa sa area ang kailangan ma-spay, at kung magkano 'yong cost estimate, para alam namin how much funds we need to raise.

*(sarcastic)*

Pero, today, baka iba gawin ko. Ipapa-ban ko lang si Ninong Paul, kasi baka mang-rape siya doon ng aso.

**DAN**

Putang ina, Lily, ba't ba napaka-toxic mong kausap?

**LILY**

Joke lang kasi, Dad. Relax!

**DAN**

Hindi nakakatawa, Lily. You don't understand what's at stake!

**LILY**

Parang "gets" ko naman.

**DAN**

Kung naiintindihan mo ang sitwasyon, kagabi mo pa binura ang video na 'yan.

**OFEL**

Guys, stop na! Ano ba?

*Titigil saglit sina DAN at LILY; mauupo pareho.*

**OFEL**

Alam mo, Lily, baka delikado nga ang video. 'Pag kumalat 'yan, hindi na mananalo ng kahit anong eleksyon ang dad mo. Baka isipin ng mga tao pati ang dad mo ganyan.

*Mapapalingon si DAN kay OFEL.*

**OFEL**

*(magpapaliwanag)*

I'm just saying.

**LILY**

I'm not deleting the video, Dad. Kunin mo muna si Bella.

**DAN**

*(kay OFEL)*

Tulungan mo naman ako dito.

*Haharap si OFEL kay LILY.*

**OFEL**

Lily, this matter should be between the governor and his wife. I don't think we should get involved.

**LILY**

Kawawa naman 'yong aso!

**OFEL**

Don't worry! Magkikita naman kami ni Tita Grace mo mamaya. Kakausapin ko na lang siya over dinner na ilayo 'yong aso kay Paul.

**DAN**

Akala ko ba hindi tayo makikialam?

**OFEL**

So, ikaw pwede mong ipagtanggol 'yong reputasyon ni Paul, pero ako hindi ko pwedeng ingatan 'yong health ng kaibigan ko? Hindi mo ba nakikita 'yong double-standard? Hindi nga natin alam kung anong mga STD pwedeng makuha ni Grace from Paul's "activities" with animals, Dan!

**DAN**

Ang ganda talaga ng timing n'yo, 'no? Gagawin n'yo talaga 'to during an election year; sa kasagsagan ng pangangampanya namin?

**LILY**

Hay nako! Classic Dad. 'Pag hindi na kaya i-defend ang position niya, papalitan ang topic.

**DAN**

Walang posisyon dito, Lily; walang "sides." Ang "side" dapat natin ay ang partido, at ang priority dapat natin ay ang eleksyon. Makisama na lang kayo! Nakikinabang naman kayo pareho, 'di ba?

**OFEL**

Kailangan malaman ni Grace 'to.

**DAN**

Bakit ba gigil na gigil kang i-chismis kay Grace ang nangyari sa asawa niya?

**OFEL**

Dan, this is a fact, not an opinion. Hindi chismis 'yon. Balita ang sasabihin ko kay Grace. Ibabalita ko ang katotohanan!

**DAN**

Hindi matutuwa si Grace sa ibabalita mong 'yan!

**OFEL**

Hindi mo maiintindihan, kasi hindi ka naman babae.

**DAN**

Magkaiba kayong babae. Si Grace, doktor at pulitiko. Ikaw, "housewife." Walang "mas okay" o "mas mahalaga," pero magkaiba nga kayo kaya baka hindi mo rin naiintindihan ang "priorities" niya.

**OFEL**

Wow! Ang dami mo namang alam tungkol kay Grace. Close kayo?

**DAN**

Hindi! Pero alam kong pulitiko 'yon. Ang gusto nun manalo ng eleksyon. Tumatakbong Governor 'yon, 'di ba? Alam kong hindi mo siya matutulungan kung pati aso ni Paul gagawin mong problema niya.

**OFEL**

May problema na nga siya, kasi 'yong asawa niya may ginagawa with the dog!

**DAN**

Walang pakialam si Grace doon! Tinitikman nga ni Paul lahat ng beauty contest winners dito, walang paki si Grace! Sa tingin mo, sa aso pa siya magseselos?

**OFEL**

Hindi ko maintindihan kung bakit okay lang sa'yo 'yong ginagawa ni Paul sa aso!

**DAN**

Nakikisama lang ako!

**OFEL**

E sa pagtikim-tikim sa mga pageant contestant nakikisama ka rin?

**DAN**

Trabaho ko 'yon! Ang trabaho ng pulitiko e makisama, kasi maya't maya e nanghihingi kami ng suporta! Kung ang kaalyansa ko e kurakot, bibigyan ko ng pera! Kung ang kapartido ko e DOM, bibigyan ko ng babae! Kung ang running-mate ko mahilig sa aso, bibigyan ko ng aso.

*(saglit)*

Hindi n'yo ba naiintindihan? Ang trabaho ng mayor e makisama, magregalo, mangako. Para 'pag may gusto 'kong mangyaring maganda sa lugar natin, pakikisamahan tayo at susuportahan ng mga niregaluhan ko ng puta, ng pera, at ng aso!

*(ituturo ang audience)*

Lahat silang mga nakikinabang sa ayuda, bakuna, at donasyong pinamimigay ko, e nakinabang din sa mga babaeng iniregalo ko. Lahat ng desisyon ko e pinakinabangan ng distrito, ng mamboboto, at pinakinabangan n'yo ni Lily! Wala akong pinagsisisihan. Hindi ko kailangan mag-sorry kahit kanino.

**OFEL**

E paano kung ang hilig ni Paul ay bata; magreregalo ka ng bata?

**DAN**

Hindi mahilig si Paul sa bata.

**OFEL**

Pero kung mahilig siya sa bata, reregaluhan mo siya ng bata. Tama?

*Hindi masasagot si DAN ang tanong.*

**LILY**

*(tatayo)*

Alis na ko, Dad.

**DAN**

Lily!

*Lalakad si LILY palayo; pa-exit sana. Hahabulin siya ni DAN; haharang sa daanan.*

**DAN**

Lily, 'yong pinag-usapan natin!

**LILY**

Alin doon, Dad? The one about your friend who raped a dog, or your DOM friends who gift each other prostitutes bought with our taxes?

**DAN**

Wala kang "taxes," Lily. Pang mga may trabaho lang 'yon!

**LILY**

Hindi lahat ng may trabaho nagbabayad ng taxes, Dad. Ikaw, may trabaho ka naman, pero hindi ka nagbabayad ng taxes. You know what? Maybe I'll make a post about that, too.

**DAN**

Ano ba problema mo? Hindi naman ako 'yong gumalaw sa aso, ba't galit na galit ka sa'kin?

**LILY**

Kasi enabler ka!

**DAN**

Lahat ng tao "enabler!" Ang pagkakaiba mo lang sa iba, e hindi ka umaamin!

**LILY**

So, ako 'yong problema kasi hindi ako "enabler?"

**DAN**

Ikaw ang problema kasi nananahimik si Paul sa bahay, tapos kinuhanan mo siya ng video!

**LILY**

My God, Dad! Can you, for once in your life, stop gaslighting and tell the truth?

**DAN**

You want the truth, Lily? Sige. I'll tell you the truth. No'ng nalaman kong mahilig pala si Paul sa aso, ang una kong inisip e regaluhan siya ng isa pa.

**LILY**

Alam mo, Dad, sana matalo kayo sa eleksyon. Neither of you deserve a single vote!

**DAN**

Nasasabi mo 'yan ngayon, kasi hindi mo pa kilala 'yong ibang kandidato! Wala ka pang alam sa mundo.

**LILY**

Dad, ang alam ko lang, walang dapat nagtitiwala sa pulitiko!

**DAN**

Pulitiko ka rin, Lily, hindi mo pa lang alam! 'Yong mga "followers" mo nauuto mo, pero ako, kilala kita.

**LILY**

Hindi mo na 'ko kilala, Dad!

**DAN**

Kilalang-kilala kita! 'Yang animal advocacy mo, alam kong katarantaduhan lahat 'yan. Alam kong wala kang paki sa mga aso, Lily.

**LILY**

Papunta nga ako sa dog shelter, 'di ba?

**DAN**

O, tapos? Ano ba ginagawa mo doon? Mag-selfie? I collect votes; you collect likes. Pareho lang tayong pulitiko. Pareho lang tayong "fake." Ang pagkakaiba lang natin, mas magaling akong mangolekta ng boto sa'yo.

**LILY**

I'm not the same as you!

**DAN**

Pareho lang tayo! Magpupunta ka lang naman doon para magpapansin e! 'Yong ibang tao kasi puwedeng mag-post ng kanta, ng sayaw, tapos ikaw, hirap na hirap kang mapansin, kasi wala kang talent.

**LILY**

Bakit mo ba ko inaaway, Dad? Gusto ko lang naman tulungan si Bella!

**DAN**

Hindi kailanan ni Bella ang tulong mo! 'Yon ang pinaka-spoiled na aso sa buong mundo. May yaya na, naka-aircon pa! Ang kilala ko lang na mas spoiled doon sa asong 'yon, e ikaw!

*Hindi na makasagot si LILY.*

**DAN**

Tsaka paano mo sasabihin sa'kin na may paki' ka kay Bella? E no'ng nakita mo 'yong ginagawa ni Paul, hindi mo naman siya pinigilan. Nanood ka lang. Nakapag-record ka pa nga o!

**LILY**

Kasi natakot ako, Dad!

**DAN**

Dapat lang na matakot ka, kasi putangina governor 'yon! Tapos ang gusto mo, e isugal ang buhay ng pamilya natin para sa pokpok na aso na didila ng ari para sa konting peanut butter?

**LILY**

Hindi 'yon kasalanan no'ng aso!

**DAN**

Burahin mo 'yong video, Lily! Burahin mo ngayon!

**LILY**

Dad, tama na, please!

*Hahablutin ni DAN ang braso ni LILY.*

**OFEL**

*(aawat)*

Dan, stop!

**LILY**

Dad, let me go, please!

**DAN**

Kunin mo 'yong phone mo at burahin mo 'yong video!

**LILY**

Fine! I will! Let me go!

*Bibitiwan ni DAN si LILY. Kukunin ni LILY ang phone mula sa bag. Titingin kay DAN.*

**DAN**

Binura mo na ba?

**LILY**

In-upload ko 'yong video ni Uncle Paul as a scheduled post sa lahat ng social media accounts ko.

**DAN**

Sira talaga ulo mo, 'no?

**LILY**

If Bella isn't with us in three days, that video goes public everywhere!

**DAN**

Mapapahamak tayo sa ginagawa mo!

**LILY**

Baka ito ang talent ko, Dad: magligtas ng aso.

**DAN**

Ano ba ang gusto mong mangyari talaga?

**LILY**

Sinabi ko na sa'yo ang gusto kong mangyari! Kunin mo si Bella!

**DAN**

Hindi ka nga mahilig sa aso e!

**LILY**

Hindi, Dad! IKAW ang hindi mahilig sa aso! Ilang beses na ko nanghihingi ng aso, hindi ka pumapayag! But the truth is, "I've always wanted a dog!"

*Exit, LILY.*

*Magdidilim ang entablado.*

**ACT II. "THE FLAWS OF DEMOCRACY"**

*Lunch time. Nasa pantry tayo ng veterinary office. May luma at maliit na mesa sa gitna, may dalawang monobloc o kahoy na upuan na magkaharap.*

*Sa Upstage, may countertop kung saan may lumang microwave, water dispenser, at ilang Tupperware. May maliit na ref sa tabi nito, na may ilang lumang larawan ng mga aso at dog shelter volunteers na naka-magnet sa pintuan.*

*Sa pagbubukas ng ilaw, makikita natin si LILY na nakaupo sa isa sa mga upuan at kumakain mag-isa.*

*Enter, JOHN.*

*Magugulat si JOHN na doon kumakain si LILY, kasi madalas sa outdoor dining hall kumakain ang volunteers nang magkakasama.*

**LILY**

Doc, puwede bang dito na lang ako kumain?

*Maiilang si JOHN.*

**JOHN**

Ayaw mo ba sa dining hall kumain; kasabay ng iba?

**LILY**

I'm not really in an extroverted mood today.

*Tatango si JOHN at uupo sa harap ni LILY. Bubuksan ni JOHN ang sariling baunan at kakain nang tahimik. Bubuksan na rin ni LILY ang dala niyang baunan at kakain. Maya't-maya, susulyap si LILY kay JOHN. Mapapansin ito ni JOHN.*

**JOHN**

Gusto mo?

**LILY**

*(matataranta)*

No! Thank you. Na-curious lang ako sa kinakain mo.

**JOHN**

Pinakbet. Pero, imbis na bagoong, fermented soybean paste nilagay ko. Vegan kasi ako e.

*Tatango si LILY.*

**JOHN**

Ikaw? Ano baon mo?

**LILY**

Vigan longganisa.

**JOHN**

Vegan ka rin pala?

**LILY**

*(ngingiti)*

Hindi, "vegan";  Vigan.

*Ipapakita ni LILY ang Vigan longganisa kay JOHN. Makikita sa mukha ni JOHN ang gulat at pandidiri. Mao-offend si LILY. Mabilis na itatago ni LILY ang kinakain. Mararamdaman ni JOHN na napahiya si LILY.*

**JOHN**

Sorry. Mali rinig ko.

*Mahabang katahimikan.*

**LILY**

'Pag animal advocate ba, dapat vegan din? Tapos ano- 'Yong mga hindi vegan, sasabihin mo "fake animal rights advocates?"

**JOHN**

Hindi ko naman sinabi 'yon.

**LILY**

Hindi nga. Pero 'yong reaction mo towards me, sobrang mean. Para kang racist na nakakita ng black person. Bakit ka ba nagtatanong ng personal questions sa volunteers?

**JOHN**

Ha?

**LILY**

Ano naman paki' mo kung vegan ako o vegetarian?

**JOHN**

Tinanong ko lang kung vegan ka o vegetarian kasi nagluluto ako ng sarili kong lunch. Kung pareho tayong vegan, dadagdagan ko sana, para puwede kitang bigyan next time.

**LILY**

Normal ba 'yan dito sa shelter?

**JOHN**

Alin?

**LILY**

Superior kita, tapos nagtatanong ka na lang basta ng personal questions na para kang nakikipag-flirt sa'kin.

**JOHN**

Hindi ako nakikipag-flirt-

**LILY**

*(sasabat)*

Hello? Kakasabi mo lang na dadalhan mo ko ng niluto mong food. Unless may pa-feeding program ka dito, flirting 'yon.

**JOHN**

Hindi- Hindi gano'n!

**LILY**

Okay lang naman, Doc. Single naman ako. Pero 'wag mo naman ako sa work ligawan.

**JOHN**

Sorry, Lily, pero may "miscom" dito.

**LILY**

Ano?

**JOHN**

Wala akong romantic interest sa'yo.

*Matatahimik si LILY.*

**LILY**

Edi wala. Pero ayusin mo 'yong mga tanong mo para hindi nakakalito. 'Wag ka basta-basta nagtatanong ng personal questions as if gusto mo kong kilalanin on an intimate level, 'di ba? Hindi pa ko ready for intimacy.

**JOHN**

Okay. Sorry. I'll be more careful with my questions. I'll mind my own business, from now on.

**LILY**

Thank you. 'Yon lang naman hinihingi ko.

*Kakain nang tahimik si JOHN.*

*Maya-maya, habang tahimik na kumakain, maluluha si LILY.*

**JOHN**

Lily.

**LILY**

Ano?

**JOHN**

Ba't ka umiiyak?

**LILY**

Okay lang ako.

**JOHN**

Dahil ba sinabi ko na wala akong romantic interest sa'yo?

**LILY**

Alam mo, John, 'wag kang feeling. Walang kinalaman sa'yo 'yong lungkot ko. May itsura ka, sige, pero hindi ka naman gano'n ka-pogi na, grabe, iiyakan talaga kita sa harapan mo? Hello?

*(magpupunas si Lily ng luha)*

Kakasabi ko lang I'm not in an extroverted mood, kasi nga my family and I are having problems at home.

*(MORE)*

**LILY (CONT'D)**

So, stop asking me about it, okay? Kahit naman gusto kong magkuwento, I can't. It's confidential! Too many important and powerful people are involved!

**JOHN**

Okay.

**LILY**

I-recognize mo naman sana minsan 'yong privilege mo.

**JOHN**

Anong privilege?

**LILY**

Walang magsasabi sa'yo na "poser" ka, just because you're vegan. Like, okay, 'yong mga beliefs mo and actions, lahat aligned. Edi sige, kayo na ang epitome ng authenticity, 'di ba? Nag-try lang naman ako na mag-"care" passionately about something.

**JOHN**

Wait lang. Sorry. Hindi ako makasunod.

**LILY**

Na-accuse ka na ba ever na ginagawa mo lang 'to for attention?

**JOHN**

Alin?

**LILY**

Animal advocacy! Itong shelter.

**JOHN**

Hindi ba parang malaking investment masyado magpatayo ng shelter just for attention?

**LILY**

John, "yes" or "no" question lang 'yon. Hindi kailangan maging condescending.

**JOHN**

No. Hindi pa ko napagbintangang "poser."

**LILY**

Exactly! 'Yan ang point ko. Kasi, there are people like me na, sincere naman, pero dahil hindi pa namin napatunayan ang commitment namin sa cause, nasasabihan kami na nagpupunta lang dito para mag-selfie.

**JOHN**

Sino nagsabi sa'yo nun?

*Mahabang katahimikan.*

**LILY**

'Yong dad ko.

**JOHN**

Si Mayor Dan?

*Tatango si LILY.*

**JOHN**

Totoo ba?

**LILY**

Hindi.

**JOHN**

So, ano problema?

**LILY**

Na-feel ko lang na baka iniisip mo rin na "fake advocate" ako kaya tinatanong mo kung vegan ako.

**JOHN**

Hindi. Naniniwala akong sincere kang tao.

*Bahagyang mapapangiti si LILY.*

**LILY**

Talaga?

*Tatango si JOHN. Seryoso siya.*

**LILY**

Hindi mo iniisip na clout-chaser lang ako?

*Matagal mag-iisip si JOHN, pag-iisipan nang mabuti ang isasagot sa tanong.*

**JOHN**

*(iiling)*

Sa totoo lang, hindi ko gusto 'yong konsepto ng clout e.

**LILY**

Hmm?

**JOHN**

Pakiramdam ko kasi parang pinapababaw ng "clout" 'yong kagustuhan nating ma-appreciate as people. Gumawa ako ng shelter kasi gusto kong ma-appreciate ako ng mga asong nililigtas ko, at ng mga taong may malasakit sa animals. Kung iisipin ng iba na clout-chasing 'yon, okay lang. Hindi ko naman sila kilala. Mas importante sa'kin 'yong iniisip ng mga kilala ko.

**LILY**

Importante ba sa'yo 'yong iniisip ko?

*Ngingiti si JOHN, tatango.*

**JOHN**

Siyempre.

*Hahawiin ni LILY ang manipis na tumpok ng buhok na lumaylay sa pisngi niya, at isusuksok sa likod ng tainga.*

**LILY**

Bakit?

**JOHN**

Kasi importante 'yong support mo para ma-maintain 'yong needs ng shelter. Dahil sa tulong mo, we receive donations, grants, and support from the local government. Importante ka sa'min.

**LILY**

Thank you for saying that.

**JOHN**

You're welcome.

**LILY**

Baka naman sinasabi mo lang 'yan para i-lobby ko sa dad ko 'yong support para sa shelter mo.

**JOHN**

Hindi a.

**LILY**

So, ano 'to?

**JOHN**

Alin.

**LILY**

Ito! 'Yong tension na 'to. What is it? What do we call it?

**JOHN**

I don't want you to get the wrong idea, Lily-

**LILY**

Tama. Wala munang labels. I don't want to make any impulsive decisions, lalo na kasi I'm not in a good place. It's been a rough day. And I'm tired of people thinking I'm fake just because I care. I mean, I grew up with financial privilege, pero may traumas din ako na hindi ko pa na-unpack at na-resolve. Just this morning, I shared something with my parents, at na-trigger na naman ang trauma ko, kasi imbis na i-support nila 'ko, they blamed me.

**JOHN**

Ano ba nangyari?

**LILY**

I took a video of a person abusing a dog, pero imbis na magalit sila doon sa guy, sa'kin sila nagalit for "violating his privacy" daw.

**JOHN**

I'm sorry that happened to you. Kung sa'kin nangyari 'yon, baka nagtampo rin ako sa family ko.

**LILY**

Exactly! That's why I cried kanina. I felt bad for the dog, I felt bad for myself. May mga tao talagang sobrang "evil," 'no? Imagine mo. Taking advantage of an innocent dog?" Pero, don't worry. I'm trying to rescue her. I had someone tell the owner that he has to surrender the dog to me, or ikakalat ko 'yong video niya.

*Mahabang katahimikan.*

**JOHN**

Lily, before you do anything impulsive, I think we should also consider that Zoophilia exists in a wide spectrum of people. Bago tayo mag-judge, kailangan muna nating malaman what kind of zoophilia we're dealing with. There are different categories: may opportunist, may fixated, may domineering-

**LILY**

*(sasabat)*

John, wait lang. You're saying things I've only heard from people who made me feel unsafe. Alam ko na it's not your intention, but it's scaring me.

**JOHN**

Bakit?

**LILY**

Masyado kasing "specific" 'yong alam mong information.

**JOHN**

Anong ibig mong sabihin?

**LILY**

No'ng high school ako, may teacher kami na pinagtatawanan namin kasi ang cringe ng green jokes niya. Ang pangalan niya Julian Pedroso, pero ang tawag namin ng classmates ko sa kanya: "Mr. Pedo."

*(saglit)*

One time, kinopya ko 'yong essay assignment ng classmate ko kasi nakalimutan ko gawin 'yong sa'kin.

*(MORE)*

**LILY (CONT'D)**

Same arguments, iba lang 'yong words. Pero no'ng lumabas 'yong results, mas mataas 'yong score ko kesa sa kanya. Sabi ng classmate ko sa'kin, "You only got good grades because Mr. Pedo has a crush on you!"

*(a beat)*

Tapos, narinig ni Sir Pedroso. Pero imbes na pagalitan kami, nag-lecture siya about the difference between pedophilia and hebephilia. Sabi niya, pedophiles 'yong may erotic preference sa prepubescent kids, ten and under. Hebephiles naman, sa pubescent kids, mga twelve to fifteen. Tapos, while looking at me, he reminded the class na twelve years old 'yong age of consent sa Pilipinas.

*(saglit)*

Tinigilan na namin 'yong "Mr. Pedo" joke after nun. Hindi na kasi nakakatawa no'ng na-realize namin na baka totoong hebephile siya. Even as teens, alam na namin na ang nakakaalam lang ng distinction na 'yon ay  sexual abuse counselors, lawyers, law enforcement, at sex offenders. Kaya, no offense, John, pero pakiramdam ko pa rin, the only people who would know the categories for bestiality-

**JOHN**

Zoophilia, hindi bestiality. Bestiality is a crime; zoophilia is an impulse.

**LILY**

Bakit mo nga alam 'yon? Nag-take ka ba ng online personality test to find out what kind of zoophilia you have?

**JOHN**

Wala akong zoophilia!

**LILY**

Wag kang defensive! Mas lalo kang nagmu-mukhang guilty!

*Tatahimik si JOHN at hihinga nang malalim.*

**JOHN**

Nasa probinsya tayo, Lily. Vet ako. Maraming tao na livestock ang negosyo. Pag may animal na namatay, tinatawagan ako para i-check ang cause of death, para masigurado na hindi nakakahawa ang kinamatay ng animal, at hindi mahawa ang ibang livestock.

*(halos pabulong)*

A few months ago. Pinatawag ako sa isang livestock farm kasi may parasite outbreak daw, sabi ng may-ari. Pinuntahan ko. Pagdating ko, napansin ko na hindi parasites and dahilan ng injuries ng mga hayop. Sinabi ko sa kanya na may nananakit sa mga baboy.

*(MORE)*

**JOHN (CONT'D)**

Nang tanungin no'ng may-ari 'yong anak nila, umamin din 'yong bata na siya ang nananakit sa mga baboy.

*(saglit)*

Dinala 'yong anak sa psychiatrist. Doon nadiskubre na naabuso raw 'yong bata five years before, when he was eleven. Sinabi ng therapist na 'yong ginagawa daw no'ng bata sa mga baboy e parang ego-defense mechanism: displacement.

*(saglit)*

Dahil hindi na siya makaganti sa umabuso sa kanya, sa mga baboy niya ibinuhos ang galit niya. Ang tanong ko sa'yo, Lily, paano mo tatawaging "evil" ang abuse survivor who's just coping with his trauma?

*Hindi makakasagot si LILY.*

**LILY**

Kahit naman hindi ito "black and white," there are moral limitations. Ikaw, if you were in a relationship, and you found out that your partner has done something with an animal, would you stay? Kaya mo pa ba siyang respetuhin?

**JOHN**

Ano 'yong context?

**LILY**

Anong "context?" The correct answer is, "No!"

**JOHN**

Importante nga 'yong "context."

**LILY**

Gets ko 'yong point mo, 'yong sinasabi mo. Hindi natin dapat tawaging "evil" 'yong mga taong gano'n, kasi pag may stigma, mahihiya silang magpa-therapy. Pero bumabalik kasi 'yong isip ko kay Sir Pedroso. If what you're saying is true - kung tatanggapin natin 'yong distinction mo between Zoophilia at beastiality - totoo din na may pagkakaiba ang pedophile at ang mga taong nag-commit ng pedophilia. Following that logic, it implies that our approach to mental health should accommodate pedophiles, too, because it's a mental health issue.

*(saglit)*

Dude, I'm not ready for that conversation! Hindi pa ko ready pag-isipan 'yon. Because it really feels like I'm convincing myself to be compassionate towards people who haven't touched children, but want to. So, may rising resentment akong nararamdaman towards you, kasi kasalanan mo to e.

**JOHN**

Sandali. Paano ko naging kasalanan 'yong nararamdaman mo?

**LILY**

Kasalanan mo, kasi you're talking about zoophilia and all this animal stuff so casually, like it's so normal for the governor to be having oral sex with his dog!

**JOHN**

*(magugulat)*

Si Governor Reyes 'yong nakita mo?

*Tatango si LILY.*

**JOHN**

So, sinabi mo sa governor natin na i-surrender niya 'yong aso niya sa'yo, or ikakalat mo 'yong video niya?

*Tatango si LILY.*

**JOHN**

Lily, baka dapat i-reconsider natin 'yon. Hingi ka muna ng second opinion.

**LILY**

Bakit mo siya pinagtatanggol? Dahil ba nakikinabang ka sa advocacy niya?

**JOHN**

Wala akong pinagtatanggol! Ang sinabi ko lang, "Zoophilia happens sometimes, and not everyone who is afflicted by that mental illness is a bad person."

**LILY**

So ano- Ano dapat gawin ko sa video?

**JOHN**

May video?

**LILY**

*(kukunin ang phone)*

Look at this-

**JOHN**

*(iiling)*

Ayoko! Ayokong mapanood 'yan!

**LILY**

Ano nga gagawin ko?

**JOHN**

Minsan, dapat meron tayong gawin. Pero, minsan, mas maganda pang hindi na tayo makialam.

**LILY**

Akala ko ba you care about animals? Bakit parang willing ka pabayaan maabuso 'yong aso ni Gov?

**JOHN**

We can pick our battles, Lily.

**LILY**

So, puwede tayo maging "moral" kung convenient, tama?

**JOHN**

Hindi 'yon ang sinasabi ko.

*Mahabang katahimikan.*

**JOHN**

No'ng 16th birthday ko, nag-set-up ng monobloc chairs and tables sa harap ng bahay namin. Sabi ni Dad, mas gusto niyang siya na lang magturo sa'kin uminom, at kung mag-iinuman daw kami, mas gusto niyang sa bahay na lang namin. No'ng lasing na si Dad, nagkuwento siya sa'kin tungkol sa trauma niya. Hindi ko alam kung totoo to, ha? Ikinuwento niya lang sa'kin.

*(saglit)*

Sabi ni Dad, naimbita raw siya dati sa isang inuman sa probinsya ng barkada niya. Ang hindi niya alam, isa pala sa mga "tradisyon" sa lugar na 'yon e ang gutumin ang isang tuta ng dalawa hanggang tatlong araw.

*(saglit)*

Tapos, sa araw ng inuman, pakakainin ng lugaw 'yong aso hanggang sa mapuno. Tapos, 'yong mga lasing, pagpapasa-pasahan 'yong aso, tapos sisipsipin 'yong lugaw mula sa puwet nito.

**LILY**

Oh my God! Sobrang kadiri ng tatay mo.

*Magugulat si JOHN.*

**LILY**

Sorry. I mean-

**JOHN**

Gets ko! Pero mahirap nga siyang tawaging "evil," kasi tradisyon daw 'yon sa lugar na 'yon. Tsaka wala pa 'yon sa ginagawa ng iba sa mga animals in the name of culture, tradition, and religion.

*(saglit)*

Babalikan ko 'yong tanong mo, "Nawala ba ang respeto ko sa dad ko dahil doon? Nabawasan ba?" Ang sagot ko, "Hindi."

*(saglit)*

Ang tanong ko sa'yo ngayon, Lily, "What if hindi si Gov ang nakita mo? What if 'yong dad mo ang nakita mo? Gagawin mo pa rin ba ang ginagawa mo ngayon?"

*Mag-iisip si LILY.*

**LILY**

Okay. Naintindihan ko na 'yong sinasabi mo; I think.

*(saglit)*

For the first time, just now, I literally understood the flaws of democracy.

**JOHN**

Lily, sobrang layo nun.

**LILY**

Connected siya!

**JOHN**

Paano?

**LILY**

Hindi ko alam kung nasabi ko na 'to sa'yo, John, pero sobrang lakas ng imagination ko. Nu'ng nagku-kuwento ka tungkol sa dad mo, na-imagine ko pa na tumutulo 'yong lugaw from your dad's lower lip. Sobrang vivid ng na-imagine ko, at sobrang nakakadiri. I swear.

**JOHN**

Okay. Nakakadiri nga 'yon.

**LILY**

Pero no'ng naalala ko na dad mo siya, something happened. Biglang nag-iba 'yong na-imagine ko na itsura ng dad mo. He went from a drunkard with lugaw from a dog's butt in the corner of his mouth, to someone na naka-white na suit, tapos nakaupo siya sa tabi ng parents ko sa first row ng cathedral kung saan tayo ikakasal.

**JOHN**

Ha?

**LILY**

My point is, I've never actually met your dad. I don't even know which baranggay he's from, but I'm sure if he ran for Baranggay Captain, I'd vote for him, kahit may ginawa siyang kadiri with a dog, just because he could potentially be my future husband's dad.

*Hindi makakasagot si JOHN; matutulala.*

**LILY**

Gets mo ba 'yong problem? I'm a highly-intelligent, top-3 university educated woman, pero even I would vote for someone unqualified and unethical in the name of love. And I think that's our country's problem. 'Yon ba ang point mo?

**JOHN**

Sobrang hindi. Ang point ko lang, may double-standard tayo palagi based on who does the wrong thing, at hindi fair mag-judge ng tao based on what they do on their worst day.

**LILY**

Tama rin 'yon. Pero tama rin ako.

**JOHN**

Tungkol saan? Nalilito na 'ko.

**LILY**

Gets ko na nga! Alam ko na sinsasabi mo. 'Pag matanda na ko - when I am wiser - may mga moral compromises akong gagawin to avoid conflict, to maintain the status quo, and to protect my career. Pero bago ako maging matanda, o wise, o practical and pragmatic, I just want to save one creature - one innocent thing - before my idealism dies, and I become like Dad. Gets mo ba?

*Tatango si JOHN.*

*Magdidilim ang entablado.*

**ACT III. "IGNORANCE IS BLISS"**

*Hapon. Nasa sala tayo ng bahay nina PAUL at GRACE. Moderno at marangya ang disenyo. Malapad ang espasyo.*

*May L-shaped na leather sofa na kulay itim o dark brown, at sa gitna nito ay isang mababang coffee table na "sophisticated" ang disenyo.*

*Sa upstage, may wooden panel na nagsisilbing dingding, kung saan nakapuwesto ang isang abstract painting na halatang mahal; marahil signature piece ng isang kilalang artist.*

*May ilang accent pieces tulad ng sculpture, designer lamp, at malalaking indoor plants. Mga display ng estado sa buhay. Malinis, kontrolado, at halos walang personal na kalat. Isang lugar na mas para sa bisita kaysa sa pagiging tahanan.*

*Si OFEL nakaupo sa sofa, hawak niya ang isang tasa at kutsarita, habang tulalang naghahalo ng tsaa.*

**GRACE**

Ofel, are you okay?

**OFEL**

Ah, yes! Sorry. May iniisip lang ako.

**GRACE**

Ang lalim naman ng iniisip mo.

**OFEL**

*(nervous laughter)*

Halata pala…

**GRACE**

Napansin ko kasi na hinahalo mo 'yong tea, pero hindi pa dumadating 'yong honey na pinakuha natin. So, ano 'yong hinahalo mo?

**OFEL**

Ay! Oo nga.

**GRACE**

Ipaalala ko na lang sa maid. Baka nakalimutan na.

**OFEL**

Padagdagan mo na. Isa lang kasi pinakuha kong serving. Baka gusto mo rin ng honey.

**GRACE**

No! Okay lang. Hindi talaga ako naglalagay ng honey sa tea.

**OFEL**

Talaga? Bakit?

**GRACE**

Wala. Preference lang.

*Saglit.*

**OFEL**

*(magtataka)*

Ba't ayaw mo ng honey. Hindi ba masarap ang honey n'yo?

**GRACE**

Hindi ko alam. Gusto mo tanunging ko 'yong maid kung saan niya binili 'yong honey namin?

**OFEL**

No, no. It's the way you said it kasi. It felt like there was "something" in the honey. May alam ka ba sa honey na hindi ko alam?

*Matagal na katahimikan.*

**GRACE**

Hindi ko alam kung totoo, pero may nabasa kasi akong article tungkol sa honey. Sabi sa article, "When honey is heated, its composition changes and it can potentially become toxic."

**OFEL**

Toxic? Paano?

**GRACE**

When molecules of honey are heated, they have a tendency to stick to the mucous membranes of the digestive system, which converts into a toxin called Ama. Tapos, according to what I read, excessive exposure to Ama could lead to some health issues that include upset stomach, insulin sensitivity, skin diseases, and weight gain.

**OFEL**

Alam mo lahat 'yan, tapos hinayaan mo lang akong uminom ng toxic honey? Bakit hindi mo sinabi sa'kin ang tungkol sa honey?

**GRACE**

Kasi favorite mo 'yon. I didn't want to ruin it for you. I always ruin things by pointing out little things that's wrong with them. I didn't want to ruin your love for honey. Sabi nga nila, "Ignorance is bliss."

**OFEL**

So, okay lang sa'yo na magka-upset stomach ako at magka-skin diseases?

**GRACE**

Hindi! Ayoko lang na lagi akong may sinasabi sa'yo na hindi mo alam.

**OFEL**

Grace, doktor ka. Natural may mga alam ka tungkol sa medicine at biology na hindi ko alam, kasi hindi naman ako nag-med school!

**GRACE**

Oo nga. Pero ayokong ipamukha sa'yo 'yon. Kasi gusto ko na maramdaman mo na "equals" tayo.

**OFEL**

Equals pa rin naman tayo, kahit alam mo 'yan, at ako hindi. 'Di ba?

**GRACE**

You're right. I'm sorry. Dapat sinabi ko sa'yo na 'wag kang maglagay ng honey sa tea. Sasabihin ko sa maid na 'wag na ilabas 'yong honey.

**OFEL**

How long have you known about the honey?

**GRACE**

It doesn't matter, Ofel-

**OFEL**

Importante siya sa'kin. How long have you known?

*Matagal na katahimikan.*

**GRACE**

Three months…

**OFEL**

Three months? Tatlong buwan mo na 'kong pinaiinom ng toxic honey?

**GRACE**

Akala ko alam mo! Nag-post ako sa Facebook ng article tungkol doon! Ni-"like" mo pa nga e.

**OFEL**

You know well enough that I "like" everything you post!

**GRACE**

Why would you "like" an article you haven't read?

**OFEL**

To support you, Grace! Because that's what friends do. Friends support each other. I thought we were friends!

**GRACE**

Friends tayo, Ofel! I just didn't want you to feel-

**OFEL**

Ano? Stupid? Inferior? Second-rate? Because you're a doctor and I'm a housewife?

**GRACE**

Please don't antagonize me for caring about your feelings, Ophelia.

**OFEL**

I'm not antagonizing you, Marie Grace Francesca!

**GRACE**

I already apologized for the honey! I don't know what else you want me to do. Gusto mo ba ng check-up?

**OFEL**

Hindi mo ba naiintindihan what just happened?

**GRACE**

Hindi ko alam. Puwede mo bang i-explain?

**OFEL**

Nasaktan ako, Grace!

**GRACE**

Clear naman 'yon. Pero, bakit?

**OFEL**

Nasaktan ako kasi hindi mo masabi sa'kin 'yong tungkol sa honey kasi iniisip mo na mao-offend ako. In-assume mo na gano'n ako ka-insecure sa'yo.

**GRACE**

Okay. Hindi ko maintindihan why you're making such a big deal out of it.

**OFEL**

Grace, ang premise ng friendship namin, "The grass is always greener on the other side." Kailangan 'yong inggit ko sa'yo, tsaka 'yong inggit mo sa'kin, equal lang.

*(MORE)*

**OFEL (CONT'D)**

*(saglit)*

Otherwise, "unrequited inggit" 'yon. Hindi 'yon equal. Hindi naman kumplikado 'to!

**GRACE**

Kumplikado siya for me! Magkaiba kasi tayo-

**OFEL**

Akala mo magkaiba tayo, pero pareho lang tayong ibon! Peacock ako, pigeon ka.

*Matutulala si GRACE.*

**GRACE**

Ano?

**OFEL**

Nag-take ako ng personality test about what kind of bird I am, okay? Peacock-Woman ako kasi lahat ng tao 'yon lang ang nakikita tungkol sa'kin: a fading beauty queen. I'm admired from afar, pero walang nag-aattempt intindihin 'yong "inner world" ko.

*(MORE)*

**OFEL (CONT'D)**

I have thoughts, emotions, and insights! Nakakalimutan lang ng mga tao na meron ako noon! Tapos, the worst part is, as my beauty fades with age, society assumes na pati ang halaga ko, bilang tao, nawawala na rin.

**GRACE**

Nag-check ka ba ng "sources" ng test na 'yan? Galing ba 'yan sa peer-reviewed, scientific publication?

**OFEL**

"No," Grace. Sorry to disappoint you. The information I gathered did not come from a peer-reviewed publication that only celibate nerds with no romantic partners read.

*(saglit)*

My information came from a social media post that Lily posted on her timeline. Pero, that question you just asked is exactly something a Pigeon-Woman would ask. Pareho kayo ni Lily. Pigeon-Woman din siya.

**GRACE**

Paano ako naging Pigeon-Woman?

**OFEL**

Pigeons are some of the most domesticated animals to exist. They carried messages for people for centuries. Ang problema, since their species has been domesticated for so long, hindi na sila marunong mag-survive sa wild! Naubos na ang survival instincts nila dahil sa centuries na nakakulong sila at inaalagaan ng mga tao.

*(saglit)*

Ganon ka! Bata ka pa lang, pinilit ka na ng magulang mo maging "perfect achiever"; raised to excel within structured systems, like academic institutions at medical institutions. Pero, 'pag wala ka na sa meritocratic environment, nahihirapan ka, kasi hindi mo pa rin naiintindihan na ang "real world" ay hindi "meritocracy."

*(saglit)*

Hindi mo maintindihan kung bakit ikaw 'yong magaling, pero 'yong asawa mo 'yong gustong-gusto ng mga tao. Kahit ilang beses sabihin ni Paul na ikaw talaga ang gumagawa ng trabaho niya as governor, hirap ka pa rin humabol sa surveys, kasi hindi naman 'yong husay ni Paul ang naging dahilan ng pagkapanalo niya.

*(saglit)*

Akala mo magkaiba tayo dahil Peacock-Woman ako at Pigeon-Woman ka, pero sabi mismo sa personality test, "Neither is superior, since both are tragically shaped by the lens of others."

**GRACE**

Paano mo nalamang Pigeon-Woman ako?

**OFEL**

Kasi I answered the personality test as if I was you!

**GRACE**

Diyos ko, Ofel, ang dami mong time!

**OFEL**

Kita mo! Sige, ipamukha mo pa sa'kin kung gaano ka ka-busy sa kampanya mo.

**GRACE**

Sandali, Ofel. Sagutin mo nga ako.

**OFEL**

Ano?

**GRACE**

Ano para sa'yo ang "friendship?" Is friendship keeping to yourself truths that might hurt your friend, or is it telling the truth regardless of how your friend might feel about it?

**OFEL**

It’s the latter, Grace! It’s always the latter!

**GRACE**

Not for everyone, Ofel… Not for everyone!

**OFEL**

So, marami ka pa palang tinatago sa'kin.

**GRACE**

White lies, Ofel! Kailangan mo sabihan ng white lies ang mga tao para hindi sila masaktan.

**OFEL**

Tell me then!

**GRACE**

Tell you what?

**OFEL**

Bukod sa honey, ano pang "white lie" ang sinabi mo sa'kin.

**GRACE**

Wala na, Ofel.

**OFEL**

Tell me one truth, and I'll tell you one, too.

*Matagal na katahimikan. Hihinga nang malalim sa GRACE. Hindi siya sasagot.*

**OFEL**

'Yong tungkol sa mga beauty contest, alam mo rin? 'Yong tinitikmang mga contestant nila Dan?

**GRACE**

Bakit pati 'yon kasalanan ko?

**OFEL**

Hindi ko sinabing kasalanan mo. Tinatanong ko lang kung alam mo rin 'yon.

**GRACE**

'Wag mong sabihin sa'kin na ngayon mo lang nalaman na ganon sila.

**OFEL**

Bakit hindi mo sinabi sa'kin?

**GRACE**

Kasi akala ko alam mo rin!

*Hindi makaksagot si OFEL.*

**GRACE**

Just don't take it personally.

**OFEL**

How could you not?

**GRACE**

Kasi ganon sila! Nagche-cheat din naman tatay ko sa nanay ko. She didn't take it personally. Why should we?

*Mahabang katahimikan.*

**GRACE**

Ito opinyon ko lang, ha? Hindi ito based on peer-reviewed research papers. Pero naniniwala kasi talaga 'ko na ang mga lalaki nagbabayad sa mga puta para mag-satisfy ng "vestigial instincts."

**OFEL**

Anong ibig mong sabihin?

**GRACE**

Hindi "sex" ang binebenta ng prostitute. Ang binebenta talaga nila ay ang fulfillment at sublimation ng "male rape instinct. " Prostitution is socially-accepted, transactional rape.

*(saglit)*

Itong susunod kong sasabihin, nabasa ko talaga. Inaral ko. May scientific paper na ang title, "A Natural History of Rape: Biological Bases of Sexual Coercion."

*(saglit)*

Sabi doon, ang paniniwala nating "sexual desire" ang motivation para sa rape ay "scientifically inaccurate." Mas simple raw ang dahilan. It's just another way for men to pass on genes; usually committed by those who are unsuccessful in finding a mate through normal means.

*(MORE)*

**GRACE (CONT'D)**

Kung walang access ang lalaki sa "consensual sex," he might resort to force rather than not passing on his genes at all. 'Yang behavior na 'yan makikita ring ginagawa ng mga ducks, geese, bottlenose dolphins, at mga chimpanzee. 'Pag ginagawa siya ng hayop, wala namang nagtataka. Hayop ang mga lalaki, so bakit ako magtataka?

**OFEL**

So, sa tingin mo, rapist lahat ng lalaki?

**GRACE**

Hindi ganon ka-simple. Pero, sa tingin ko, tungkol 'to sa "power." Hindi naman siya nagche-cheat kasi may "kulang" sa'kin e. Nagche-cheat siya kasi may problema sa kanya. Meron siyang primitive instinct na nag-eenjoy 'pag may ka-sex niya na ayaw sa kanya; na napilitan.

**OFEL**

At tanggap mo 'yon tungkol sa kanya?

**GRACE**

Ofel, kahit hindi ko tanggapin ang "gravity," mamamatay pa rin ako 'pag nalaglag ako sa bangin.

*(MORE)*

**GRACE (CONT'D)**

*(saglit)*

Kung ang tinatanong mo sa'kin ay kung masaya ako na ganon sila, "Sobrang hindi." Gusto ko lang isipin na mas malawak ang isip ko, mas matalino ako, kasi hindi ako lalaki. But if you're asking if it bothers me, "Yes, it bothers me a lot."

*Saglit.*

**GRACE**

Alam mo ba na minsan nagjo-joke pa sila tungkol doon? Si Paul at ang mga kapartido niya, uupo 'yan sa dinner table ko, para kumain ng niluto ko, tapos magjo-joke sila na baka late na makauwi si Paul kasi may "pupuntahan pa sila pagkatapos."

*(saglit)*

Tapos, kailangan kong ngumiti at makitawa. Minsan magjo-joke din ako na, utang na loob, mag-shower muna sila bago umuwi, para hindi naman sila amoy pekpek ng ibang babae, bago sila tumabi sa mga asawa nila.

*(saglit)*

Iniisip siguro ng mga hayop na 'yon na tinitiis ko 'yong bullshit ni Paul kasi mahal na mahal ko siya.

*(MORE)*

**GRACE (CONT'D)**

*(ngingiti)*

Hindi. Tinitiis ko 'yon kasi, that's the price I have to pay for my position. 'Yon ang kailangan gawin ng isang community leader, Ofel. Kaya kong kainin ang pride ko, nang buong-buo, para makatulong ako sa mga naniniwala sa'kin.

*(saglit)*

'Yang si Paul, Ofel… Asawa ko 'yan, pero hindi ko siya kaibigan. Ikaw ang kaibigan ko.

*Matagal na katahimikan.*

**OFEL**

Dahil kaibigan kita, Grace, may kailangan yata akong sabihin sa'yo.

**GRACE**

Tungkol saan?

**OFEL**

Hindi ko alam kung dapat kong sabihin. Baka dapat itago ko na lang sa sarili ko, "To protect your peace." Alam ko kasi na marami kang ginagawa sa kampanya. Ayoko naman na pati ito pag-iisipan mo pa. Sabi mo nga kanina, "Ignorance is bliss." 'Di ba?

**GRACE**

*(maiirita)*

You've made your point, Ofel. Sabihin mo na sa'kin.

**OFEL**

Do you really want me to tell you the truth or spare you from the trouble of knowing?

**GRACE**

Ofel, tungkol saan ba 'to?

**OFEL**

Truth or happiness? Pumili ka.

**GRACE**

Alam mo naman kung alin diyan ang pipiliin ko, 'di ba?

**OFEL**

I need you to say it.

**GRACE**

Okay. I want the truth.

**OFEL**

Grace…

*(saglit)*

"Your husband, Paul, is having oral sex with your dog."

*Magdidilim ang entablado.*

**ACT IV. "MAY IMPIYERNO SA DIBDIB KO NA SINUSUNOG ANG PUSO KO"**

*Gabi. Ilang araw matapos ang pagkikita nina OFEL at GRACE.*

*Nasa sala pa rin tayo ng bahay nina PAUL at GRACE. Nakaupo si GRACE sa gitna ng sofa suot ang bathrobe na nakapatong sa damit niyang pantulog. Malalim ang mga mata niya. Mukhang ilang araw siyang walang tulog. Inaantay niya ang pagdating ni PAUL.*

*Enter, PAUL.*

**PAUL**

O… Ba't gising ka pa?

**GRACE**

Marami lang akong iniisip.

**PAUL**

Did you wait up for me?

**GRACE**

Bakit ko gagawin 'yon?

**PAUL**

I don't know... Maybe you wanted to talk about something.

**GRACE**

If I wanted to talk, I would have called you. Tinawagan ba kita?

*Iiling si PAUL.*

*Lalakad si PAUL papunta kay GRACE at susubukang halikan ang asawa sa pisngi.*

*Pero, iiwas si GRACE.*

**GRACE**

Nag-shower ka ba bago ka pumasok?

**PAUL**

I came straight from the airport-

**GRACE**

Wala akong paki' kung saan ka galing, Paul. As a courtesy to you, I don't ask what you do when you're out. But as a courtesy to me, we agreed that you would shower before you come into my house, para hindi ko maamoy kung sinong pokpok na naman ang kasama mo sa Cebu.

**PAUL**

I took a shower at the hotel before I went to the airport.

**GRACE**

Mag-shower ka ulit. Amoy DOM ka.

**PAUL**

*(matatawa)*

Ano ba amoy ng DOM?

**GRACE**

Amoy cheap lotion at menthol.

**PAUL**

Fine! I'll take shower. Just give me five minutes.

*Titingin sa paligid si PAUL.*

**PAUL**

*(magtataka)*

May food ba tayo? Nagugutom ako.

**GRACE**

Ba't di ka kumain sa plane?

**PAUL**

*(matatawa)*

All the snack options on the plane had dairy and I didn't want to take a shit on the plane, because if it crashed, I'd be found with my pants down.

*(saglit)*

Wala bang tirang food sa fridge?

**GRACE**

Kesa naghuhulaan tayo dito, why don't you go check the fridge, Paul?

*Exit, PAUL.*

*Hihinga nang malalim si GRACE at pipikit saglit. Malinaw na pinipigil ang galit niya sa asawa.*

*Enter, PAUL.*

**PAUL**

Grace, nasaan pala si Bella?

**GRACE**

Ayokong pag-usapan si Bella ngayon, Paul.

**PAUL**

Why? Did something happen? If something happened to my dog, you should have called me, 'di ba?

**GRAE**

Putang ina, Paul, ginagago mo ba talaga 'ko?

**PAUL**

What are you talking about?

**GRACE**

Tinatanong mo pa talaga sa'kin kung nasaan 'yong aso?

**PAUL**

Grace, it's not a big deal. If you don't want to talk about it now, we can

talk about her tomorrow.

*Matagal na katahimikan.*

**GRACE**

Tatlong araw na 'kong hindi nakakatulog nang maayos, Paul.

*Uupo si PAUL sa tabi ni GRACE sa couch.*

**PAUL**

Do you want to go to the hospital? Gusto mo bang magpa-check?

**GRACE**

*(iiling)*

Hindi! Gusto kong itanong mo sa'kin kung ba't hindi ako makatulog.

**PAUL**

Okay. Ba't hindi ka makatulog?

**GRACE**

Dahil sa mammals, Paul. I couldn't sleep because I've been learning

about mammals.

**PAUL**

Mammals?

**GRACE**

Yes. I've been reading a lot about mammals.

**PAUL**

Hindi ko maintindihan.

**GRACE**

Alam mo, Paul, 'yan ang problema sa'yo e. 'Pag may hindi ka alam, magtatanong ka. Tanungin mo ko. Go!

**PAUL**

Why are we talking about mammals?

**GRACE**

May ongoing debate sa medical community tungkol sa ethics ng animal research. Some doctors argue that animal research has led to important medical discoveries, like vaccines and treatments for diseases. They pointed out research on animals helped create insulin for diabetes and antibiotics for infections. They mentioned, too, that we learned how heart disease developed by studying animals' hearts.

**PAUL**

Okay.

**GRACE**

On the other side of the argument, may mga naniniwala na hindi na dapat tayo gumagamit ng live animals for research, because we can resort to new technology, like computer models or cell cultures.

*(saglit)*

Ang dahilan kung bakit tayo nagpo-propose ng mga alternative sa animals research ay dahil sa advances in physiology and neuroscience. Natutunan kasi ng scientists na maraming similarities ang nervous system ng mga tao at mga hayop.

*(MORE)*

**GRACE (CONT'D)**

*(saglit)*

In other words, animals could feel pain, and therefore should not be made to suffer, even for the benefit of medical advancement. Alam mo ba 'yon? Did you know that mammals have a nervous system similar to humans?

*Iiling si PAUL.*

**GRACE**

Ngayon alam mo na. Mammals have neurochemicals, perceptions, emotions, and all of these could be integrated into an experience of pain. They experience pain, Paul.

**PAUL**

Why are we talking about this?

**GRACE**

This is not interesting to you? 'Di ba mahilig ka sa animals?

**PAUL**

Oo, pero ano ba ang point mo?

**GRACE**

That's it! That's my point. I am telling you that animals experience pain the same way we do. I've been reading about it. In fact, may nabasa ako sa National Geographic online na 'yong mga scientists daw nakahanap ng paraan para i-measure ang pain ng animals. They have learned to observe what they call "grimace scales," as reliable indicators of pain in animals.

*Saglit.*

**GRACE**

Tapos, inisip ko, meron kaya ako nun? Ano kaya ang "indicators of pain" ko? Ikaw, Paul? Do you ever know when I am in pain? Nalalaman mo ba 'pag may masakit sa'kin?

**PAUL**

Grace, if you're in pain, tell me, so I can take you to the hospital-

**GRACE**

*(pasigaw)*

Putangina, Paul, hindi ka nakikinig!

*Mahabang katahimikan.*

**GRACE**

Ang tinatanong ko sa'yo, Paul, kung hindi ko sasabihin sa'yo ang nararamdaman ko, malalaman mo ba na nasasaktan ako?

**PAUL**

*(iiling)*

I probably won't.

**GRACE**

'Di ba? Hindi mo alam. Hindi mo iniisip. Hindi mo tinatanong. Hindi mo malalaman. Pero, ako. Sa tingin mo? Do you think I know when *you* are in pain*?*

*Tatango si PAUL.*

**GRACE**

Exactly! I know when you're in pain. I know when you're tired, or embarrassed, or nervous, or bored. Alam ko kung galit ka, malungkot, o masaya. Alam ko.

**PAUL**

Grace, what is this about?

**GRACE**

*(ngingiti)*

Alam ko rin kung bakit mo tinatanong "what this is about." You want me to cut to the chase. Gusto mong padaliin ang usapan, kasi naiinip ka na, at dahan-dahan ka nang naiinis kasi kanina ka pa nalilito. Also, pagod ka at gusto mo nang magpahinga. I can tell, remember? Alam ko lahat 'yon.

*(saglit)*

Alam ko rin kung bakit ka pagod. You're tired because you came from a pandemic response and preparation summit, discussing what the local government can do to prepare for the next wave of viruses as the holidays approached.

*(saglit)*

Alam ko 'yon, kasi ako sumulat ng speech mo, 'di ba? Wala ka namang alam doon e, kasi hindi ka naman doktor. Pero, wala munang magpapahinga. Kasi, 'yong gusto kong pag-usapan, hindi ko kayang ipagpabukas. Kailangan kong sabihin ngayon; kailangan kong sabihin lahat. Kaya makinig ka muna - makinig kang mabuti - kasi nasa "intro" pa lang tayo.

*(saglit)*

Ready ka na bang makinig?

*Hihinga nang malalim si PAUL at tatango.*

**GRACE**

Ano alam mo tungkol sa mga rabbits?

**PAUL**

Rabbits?

**GRACE**

Yes, Paul. Tell me everything you know about rabbits.

**PAUL**

I don't know anything about rabbits.

**GRACE**

Talaga? Wala, kahit ano? Hindi ka ba binilhan ng rabbit ng mga magulang mo?

**PAUL**

Ano ba dapat alam ko tungkol sa mga rabbit?

**GRACE**

Alam mo ba na ang mga rabbit hindi nasusuka? 'Yong digestive system nila, one-way lang. 'Pag may kinain sila, it can’t come back up. Kaya kailangan nila ng high-fiber diet. Alam mo 'yon?

*Iiling si PAUL.*

**GRACE**

'Pag natatakot ang mga rabbit, o naka-sense ng danger, pinapagpag nila 'yong paa nila sa sahig. They thump their feet to warn others. 'Yon ang paraan nila para sabihing, "Guys, may mali dito."

*GRACE starts thumping her feet.*

**GRACE**

Mga rabbit din ang ginamit sa experiment tungkol sa "grimace scales." Rabbits have indicators of pain: their whiskers stiffen and their eyes squint.

*(saglit)*

Pero, ito ang interesting sa mga rabbit. 'Pag nilagay mo sila sa dangerous environments, kung saan maraming predators, natutunan na ng mga rabbit na itago ang pain nila, para hindi sila maging target ng mga 'yon. Kasi, sa animal kingdom, ang "indicators of pain" ay "indicators of weakness" din.

*(saglit)*

No'ng nalaman ko 'yon, that's when I started thinking about my own indicators of pain. Ano nga ba ang "indicators of pain" ko, Paul? Meron ba? Parang wala, 'no?

*Mag-iisip si PAUL.*

**GRACE**

Paul, may alam ka bang "indicators of pain" ko?

**PAUL**

I can't recall any- Not right now.

**GRACE**

Baka kasi wala na kong "obvious indicators of pain," kasi natutunan kong itago ang nararamdaman ko, dahil madalas surrounded ako by predators.

**PAUL**

Sino? 'Yong mga kapartido na naman natin?

**GRACE**

Sila lang ba?

**PAUL**

Ako rin ba, Grace, "predator" na para sa'yo?

**GRACE**

You tell me, Paul. Are you a predator?

**PAUL**

Hindi ko alam kung san galing 'to-

**GRACE**

*(sasabat)*

Kaya nga pinaliliwanag ko sa'yo, Paul! Tatalong araw na kong hindi makatulog nang maayos kasi, alam ko, pagbalik mo, kailangan nating pag-usapan ang mga katarantaduhan mong nakakahiya, nakakadiri, nakakabobo!

*Magtatatawa si GRACE.*

**GRACE**

Sobrang bobo, Paul!

**PAUL**

Hindi kita maintindihan.

**GRACE**

Paul, nag-practice ako.

*Ituturo ni GRACE ang isang salamin.*

**GRACE**

Tumayo ako doon at tinanong ang sarili ko kung ano ba dapat ang tono ko.

*Pupunta si GRACE sa harap ng salamin.*

**GRACE**

Dapat ba "aloof" ako? Puwede kasi kitang tanungin, tapos kunyari narinig ko lang somewhere, tapos hindi ako naniniwala; baka tsismis lang.

**PAUL**

Ano ba narinig mo?

**GRACE**

O dapat ba hawakan ko kamay mo tapos i-reassure kita na malalampasan natin 'to? Pero hindi ko alam kung kaya kong palampasin. 'Yon ang problema.

*(MORE)*

**GRACE (CONT'D)**

*(saglit)*

Baka dapat English, para detached? Clinical. Or puwede ring disdainful or judgmental. But should I even give you a chance to declare your heartfelt repentance?

*Titigil si GRACE.*

**GRACE**

Tapos, may na-realize ako.

*Lalapit si GRACE kay PAUL.*

**GRACE**

Habang iniisip ko kung anong tono dapat ang gamitin ko 'pag kinausap na kita, na-realize ko na "feelings" mo pa rin iniisip ko; ikaw pa rin iniisip ko.

*(saglit)*

Even at my worst, I was still thinking about you; kung ano iisipin mo, mararamdaman mo. Iniisip ko kung ano puwede kong itanong na magbibigay sa'yo ng best opportunity na ipaliwanag ang sarili mo. Hindi ko man lang tinanong ang sarili ko kung ano ang nararamdaman ko tungkol dito…

*Magiging emosyonal si GRACE.*

**GRACE**

Tapos, no'ng sinimulan ko nang i-process kung ano nararamdaman ko, na-realize ko na may inilagay ka sa loob ko. Isang bagay na paulit-ulit na humihiwa sa kaluluwa ko tuwing nagbibiruan kayo ng mga kaibigan mo tungkol sa mga alaga n'yong escort.

*(ituturo ang sariling dibdib)*

Tinago ko 'yon lahat dito kasi sa pulitika raw hindi ka puwedeng magpakita ng "weakness" kasi ang mahina dito, tina-target at pinagsasamantalahan. Ang mahina, natatalo.

*Hihinga nang malalim si GRACE.*

**GRACE**

Pero nandito siya e! Bitbit ko na 'yo nang ilang taon, at pabigat siya nang pabigat, palaki nang palaki; parang nabubulok at nangingitim na impeksyon. At pagod na pagod na pagod na 'kong dalhin 'to kasi ang sakit-sakit na.

*(saglit)*

Paul, may impiyerno sa dibdib ko na sinusunog ang puso ko. Nasusunog ako sa kahihiyan, Paul, at nalulunod sa lungkot, dahil sa dami nang puwede mong galawin, 'yong aso pa ang napili mo.

*Saglit.*

**PAUL**

San mo na naman narinig 'yan?

*Hindi sasagot si GRACE. Kukunin niya ang sariling cellphone para ipakita kay PAUL ang insidente. Hindi kita ng audience ang video mismo, pero rinig ang tunog ng ungol at bungisngis ni PAUL sa stage. Ibabato ni GRACE ang cellphone kay PAUL. Dahan-dahang ilalapit ni GRACE ang mukha niya kay PAUL.*

**GRACE**

*(pasigaw)*

Nakikita mo na ba kung ano nararamdaman ko? Nakikita mo na ba ko?

*Lalayo saglit si GRACE para huminga nang malalim. Pupunasan ni GRACE ang mga luha mula sa mukha niya. Haharap siya kay PAUL nang kalmado.*

**GRACE**

Hiningi ni Lily 'yong aso.

**PAUL**

Ha?

**GRACE**

Si Lily, 'yong anak ni Dan, nakita ka niya. Sa kanya galing 'yong video. Ang sabi ni Ofel, 'yon lang ang hinihinigi niya: si Bella. At pag hindi mo raw binigay, ipo-post niya 'yong video online.

**PAUL**

She can't threaten me like that. Grace, I'm the fucking governor.

**GRACE**

'Pag lumabas 'yong video na 'yon, 'wag ka na nang umasang manalo sa senado. Wala ka na. "Dog-fucker" ka na lang.

**PAUL**

So, 'yon na lang ako ngayon, para sa'yo? Dog-fucker?

**GRACE**

'Wag ako tanungin mo niyan, Paul. Dati pa ko walang respeto sa'yo.

**PAUL**

I built schools, hospitals, and roads-

**GRACE**

*We* built those. Not *you.*

**PAUL**

This is ridiculous.

**GRACE**

No, it's not.

*Mahabang katahimikan.*

**PAUL**

Sandali, Grace. Ilagay natin sa context…

**GRACE**

*(ngingiti)*

Sige. Try to talk your way out of this one, Paul. Diyan ka naman magaling, 'di ba? Try natin.

**PAUL**

That's not what I'm trying to do. Alam ko na mali. Pero, wag natin gawing big deal-

**GRACE**

Hindi siya "big deal" for me. Hindi naman ako 'yong gumalaw sa aso e.

**PAUL**

Okay. It's was a mistake. But that error in judgment is a droplet of water compared to the ocean of good decisions that has transformed our community into what it is today, Grace.

**GRACE**

Many of those "good decisions" were *my* good decisions, Paul.

**PAUL**

Oo. Pero, you would not have been able to do it yourself. It was me who got the votes. All the good that came from the work we did together would not have been possible without my ability to win an election.

**GRACE**

If that video leaks, you won't win another one, and neither will I!

**PAUL**

I get it! Bella was a necessary sacrifice. Hindi naman 'yon ang concern ko ngayon.

**GRACE**

Ano ang concern mo?

**PAUL**

Stop looking down on me! I'm not just a dog-fucker! 'Yon ang sinasabi ko! Ang dami kong nagawa-

**GRACE**

"Dog-fucker" ka na maraming nagawa.

**PAUL**

You can't be serious, Grace. You mean to tell me, despite everything else I've done in my life, that's all I am to you now: a dog-fucker?

*Hindi sasagot si GRACE. Tititigan niya lang si PAUL.*

**PAUL**

I'm one of the good guys, Grace. Nagkamali ako, pero mabuting tao ako.

**GRACE**

Yan din ang sabi ni Dan no'ng kinausap ko 'yong pamilya niya. Mabuting tao ka raw. Tapos, tinanong ko 'yong anak niya if she shared her father's opinion.

**PAUL**

What did she say?

**GRACE**

Sabi niya, "Ang mabuting tao, hindi po nangre-rape ng aso."

**PAUL**

Ano sabi mo?

**GRACE**

I told them she was right.

*Magdidilim ang entablado.*

**ACT V. EPILOGUE**

*Gabi. Ilang araw matapos makuha ni LILY si BELLA.*

*Nasa pantry ulit tayo ng veterinary office. May luma at maliit na mesa sa gitna, may dalawang monobloc o kahoy na upuan na magkaharap.*

*Sa Upstage, may countertop kung saan may lumang microwave, water dispenser, at ilang Tupperware.*

*May maliit na ref sa tabi nito, na may ilang lumang larawan ng mga aso at dog shelter volunteers na naka-magnet sa pintuan.*

*Kumakain ng dinnner mag-isa si JOHN.*

*Enter, LILY.*

*Papasok si LILY na may dalang pet travel bag.*

**JOHN**

Ano nangyari sa aso mo?

*Iaangat ni LILY ang braso niya. Makikitang may bandage ito.*

**LILY**

Iiwan ko na 'to dito.

**JOHN**

Seryoso ka ba?

*Ilalapag ni LILY ang pet travel bag sa sahig at uupo sa harap ni JOHN.*

**LILY**

I'm sorry.

**JOHN**

Nagvo-volunteer ka dito, Lily. Alam mo naman na masikip na ang shelter at nahihirapan kami i-sustain 'yong current population namin.

**LILY**

Alam ko. Sorry… I didn't expect it would be so hard!

**JOHN**

Kinuha mo siya sa owner niya, tapos iiwan mo lang sa'min?

*Iaangat ni LILY ang brasong may bandage.*

**LILY**

Kinagat niya ko!

**JOHN**

Ginawa mo kasi siyang "content!" Kahit ako 'yong aso mo, baka kinagat din kita!

**LILY**

John, I don't know how woke you are, but victim-blaming is generally frowned upon.

**JOHN**

Ba't hindi mo ibalik sa may-ari kung hindi mo naman pala aalagaan?

**LILY**

I tried! Ayaw siya ibalik ni Dad, kasi "nakakahiya" daw!

**JOHN**

Kaya mo nga siya "niligtas" kasi naaawa ka 'di ba? Tapos, ngayon, iiwan mo lang sa'kin?

**LILY**

Alam mo, kung hindi mo tatanggapin si Bella dito, puwede ko naman siya iwan sa dog pound-

**JOHN**

*(sasabat)*

Alam mo ba kung ano ginagawa sa mga aso doon, Lily?

**LILY**

Kung hindi mo tatanggapin si Bella dito, mawawalan ako ng choice.

**JOHN**

Lily, 'yong mga asong dinadala sa pound, pinapatay after 3 days, 'pag walang na-claim! 'Pag puno na ang capacity nila, may mandate sa staff na mag-euthanize ng mga aso to make room for others. Akala ko ba advocate ka?

**LILY**

What do you want me to do? Hindi nga ako marunong mag-alaga ng aso!

**JOHN**

Dog-lover ka ba talaga?

**LILY**

Hindi ko alam! Sinubukan ko lang naman mag-advocate for something!

**JOHN**

Sana, next time, kung pipili ka ng advocacy, 'yong naiintindihan mo-

**LILY**

*(sasabat)*

Wow! Gaano ba ka-complicated mag-advocate for dogs para masabi mong hindi ko 'to "naiintindihan?"

**JOHN**

Kailangan mo ng dahilan, Lily!

**LILY**

Kawawa nga sila; si Bella-

**JOHN**

*(sasabat)*

Ang babaw nun.

**LILY**

Sorry! Mababaw ako.

*Mahabang katahimikan.*

**LILY**

Aalis na lang ako.

*Kukunin ni LILY ang pet travel bag, pero bago n'ya 'to makuha, kakausapin siya ni JOHN.*

**JOHN**

Gusto mo ba malaman kung ano dahilan ko?

*Titigil si LILY at lilingon kay JOHN.*

**JOHN**

Naging vet ako dahil sa alagang aso ng dad ko: si Arlo.

*(saglit)*

No'ng namatay si Dad, ang unang ginawa ng aso niya ay daanan lahat ng lugar na madalas puntahan ni Dad. Hindi "random" ha? 'Yong eksaktong dinadaanan niya.

*(saglit)*

Si Dad, papasok sa front door at pupunta sa center table sa sala, kasi doon niya ilalagay ang susi ng kotse. Tapos, pupunta siya sa kuwarto para magbihis. Tapos, babalik ulit siya sa sala, uupo sa harap ng TV, para manood ng "Ang Probinsyano." Sa unang araw ng pagkawala ni Dad, 'yon lang ang ginagawa ni Arlo.

*(MORE)*

**JOHN (CONT'D)**

*(saglit)*

No'ng sumunod na araw, nagsimula nang hanapin ni Arlo si Dad. Natutulog siya sa marurumi niyang damit, sa puwesto niya sa kama, at sa paborito niyang puwesto sa sofa. Kumakapit siya sa kung ano pa ang puwede niyang kapitan kay Dad.

*(saglit)*

Pagdating ng pangatlong araw, lumipat na si Arlo sa harap ng front door; 'yong pintong pinakamadalas daanan ni Dad. Buong araw lang siyang nandoon. Hindi rin siya kumakain. Tapos, isang araw, umungol si Arlo na parang naintindihan na niyang hindi na babalik si Dad.

*(saglit)*

Tapos, may nagbago. Hindi na siya sa front door nagbantay. Pinuntahan niya si Mom sa kama, na parang naintindihan na niya ang bago niyang trabaho; ang ingatan ang pinakamamahal ni Dad, ang pinakamalungkot sa pagkawala niya.

*(saglit)*

No'ng nawala si Mom, sa'kin naman tumabi si Arlo. Kaya no'ng nawala si Arlo, binalik ko ang binigay niyang pag-ibig sa pamilya ko, sa mga asong tulad niya. Kasi gano'n sila. Habambuhay magmahal ang aso. Kahit wala ka na, nandoon pa rin ang pagmamahal niya; lilipat at dadapo sa mga taong pinaka-nalulungkot sa pagkawala mo.

*(MORE)*

**JOHN (CONT'D)**

Pag-ibig na mas malawak pa sa pag-ibig ng tao.

*(saglit)*

Tapos, Lily, mag-iiwan ka lang ng aso dito?

**LILY**

I'm sorry. I don't know what else you want me to say.

*Kukunin ulit ni LILY ang pet travel bag, pero bago niya ito maabot magsasalita si JOHN.*

**JOHN**

Iwan mo na si Bella, Lily.

*Mapapatingin si LILY kay JOHN.*

**LILY**

Sure ka?

*Tatango si JOHN.*

**LILY**

Thank you.

*Hindi sasagot si JOHN. Tititigan niya lang si LILY. Ilalapag ni LILY sa sahig ang pet travel bag at aalis.*

*Exit, LILY.*

*Tatayo si JOHN at kukunin ang pet travel bag. Hihinga siya nang malalim; rinig ang pagod niya sa lalim ng paghinga. Sisilip siya sa loob ng pet travel bag para silipin si BELLA. Bahagyang mapapangiti si JOHN.*

*Exit, JOHN.*

*Magdidilim ang entablado.*

*Telon.*